Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 214-2020

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN, NA KAGYAT NA MABIGYAN NG LIBRENG BAKUNA GAYA NG ANTI-FLU VACCINE AT ANTI-PNEUMONIA VACCINE ANG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, SENIOR CITIZENS, PERSONS WITH DISABILITIES (PWD), TRANSPORT SECTOR AT IBA PANG VULNERABLE SA COVID-19.**

**PANGUNAHING MAY-AKDA: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** ang buong bansa ay napapaloob sa deklarasyon ng State of Public Health Emergency at State of Calamity, sa pamamagitan ng Executive Order ng Lubhang Kagalang-galang Rodrigo Roa Duterte, Pangulo ng Republika ng Pilipinas bunsod ng dumaraming kaso ng COVID-19, na sa kasalukuyan ay umaabot na sa 314,000;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay napasailalim sa Community Quarantine upang malabanan ang pagkalat o ang local transmission ng COVID-19;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay pumalo na sa mahigit 635 kaso ng COVID-19 cases sa Lungsod ng Malolos base sa ulat ng Panlungsod na Manggagamot at 26 ang naitalang nasawi;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay nasa 100% ang Operasyon ng Pamahalaang Panlungsod na mayroong humigit-kumulang 1,200 kawani na sumusuong sa hamon ng paglilingkod sa kabila ng banta ng COVID-19;

**SAPAGKAT,** sa pinagtibay na Annual Appropriation Ordinance ng Pamahalaang Panlungsod sa pamamagitan ng Sangguniang Panlungsod ay nakapaglaan ng humigit-kumulang Dalawang Milyong Piso para sa mga programang immunization at medical benefits para sa mga kawani nito;

**SAPAGKAT,** ang mga sintomas ng COVID-19 ay may kahalintulad sa Flu at Pneumonia, kung kaya't pinakamainam na mabigyan ng Anti-flu at Anti-Pneumonia Vaccines ang mga kawani ng Pamahalaang Panlungsod gayundin ang mga vulnerable sectors gaya ng Senior Citizens, Persons with Disabilities, Transport Sector at iba pa;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa mga layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagkakaloob ng mataas na antas ng paglilingkod publiko higit lalo sa mga programang nakasentro sa kalusugan ng mga mamamayan nito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7610 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ang gampanin ng bawat lokal na pamahalaan na magsulong ng mga prgrama at proyektong pangkaunlaran at magsusulong ng kagalingang panlahat (General Welfare Clause)

Sa pamamagitan ng mungkahi ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat ng dumalo na:

**IPINASIYA**, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na magalang na humihiling sa mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na kagyat na mabigyan ng libreng bakuna gaya ng Anti-Flu Vaccine at Anti-Pneumonia Vaccine ang mga kawani ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos, Senior Citizens, Persons with Disabilities (PWD), Transport Sector at iba pang vulnerable sa Covid-19.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI |
| *KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI |
| KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI | KGG. DENNIS D. SAN DIEGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY<br>KASANGGUNI | KGG. EDGARDO F. DOMINGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA<br>KASANGGUNI - ABC President | KGG. PATRICK S. DELA CRUZ<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020